


ON Semiconductor®



KODIGO SA PAG-ASAL SA NEGOSYO

**POWERED BY
OUR VALUES**







iv MGA PANGUNAHING PINAHAHALAGAHAN

PANIMULA

- 2** Mga Pangunahing Pinahahalagahan
 - 2** Integridad
 - 2** Respeto
 - 2** Iniysatibo
- 3** Layunin ng Ating Kodigo sa Pag-asal sa Negosyo
- 3** Responsibilidad at Pananagutan
- 4** Mga Karagdagang Responsibilidad ng mga Manager at Supervisor
- 4** Mga Pag-audit, Pagsisiyasat at Parusa

PAANO MAKAHINGI NG TULONG

- 6** Paghingi ng Tulong
- 7** Pag-uulat ng Alalahanin
- 7** Không tr ãa

MGA SHAREHOLDER

- 10** Pagprotekta sa mga ari-arian ng Semiconductor
- 11** Kumpidensyal at Impormasyong Pag-aari ng Kumpanya
- 12** Pagkapribado
- 12** Social Media at Paggamit ng Internet
- 14** Panloob na Impormasyon at Securities Trading
- 15** Katumpakan ng mga Tala ng Kumpanya
- 15** Pagbibigay ng Impormasyong Pang-pinansyal
- 15** Natatanging Responsibilidad
- 16** Pagtatala at Pagpapanatili ng mga Komunikasyong Pang-negosyo

MGA EMPLEYADO AT DIREKTOR

- 18** Patuloy na Respeto
- 18** Pag-iwas sa Panggigipit
- 19** Kaligtasan at Kalusugan

MGA CUSTOMER AT MGA MAMIMILI

- 21** Kalidad at Kaligtasan ng Produkto
- 22** Pagbebenta at Marketing
- 22** Impormasyong Kumpidensyal ng Kustomer
- 22** Mga Kustomer ng Pamahalaan

MGA KASOSYO SA NEGOSYO

- 24** Pakikipagnegosyo sa Iba Pa
 - 24** Mga Ahente at mga Tagapayo
 - 24** Mga Subcontractor
 - 24** Pinagsamang mga Pakikipagsapalaran at mga Alyansa
- 25** Mga Kasanayan sa Pagbili
- 25** Mga Kasosyo sa Negosyo na may Impormasyong Kumpidensyal

MGA KATUNGGALI

- 27** Impormasyong Mapagtunggali
- 28** Patas na Kompetisyon at Antitrust

MGA KOMUNIDAD

- 30** Serbisyo sa Komunidad
- 30** Mga Gawain sa Personal na Komunidad
- 30** Mga Gawaing Pampulitika ng ON Semiconductor
- 31** Kapaligiran
- 32** Pakikipag-ugnayan sa Panlabas na mga Madla

GOBYERNO

- 34** Mga Batas Laban sa Korupsyon
- 35** Pagtawid sa Pambansang Hangganan
- 36** Ekonomikong Pagbibigay-parusa at mga Pag-Boycott
- 36** Money Laundering

SALUNGATAN NG MGA INTERES

- 38** Pangkalahatang Guidance
- 38** Sa Labas ng Pagtatrabaho
- 39** Ang mga Pagiging miyembro ng Lupon
- 39** Mga Miyembro ng Pamilya at Malalapit na Relasyong Personal
- 40** Mga Pautang sa Empleyado at mga Direktor
- 40** Mga pamumuhunan
- 40** Mga Pagkakataong Corporate
- 41** Mga Regalo at Libangan
 - 41** Mga Regalo at Libangang Natanggap ng mga Empleyado at mga Direktor ng ON Semiconductor
 - 42** Mga Regalo at Libangang Ibinigay ng o Ipinagkaloob ng ON Semiconductor
- 43** Paglalakbay
 - 43** Pagtanggap ng mga gastos sa Paglalakbay
 - 43** Ang pagkakaloob ng Paglalakbay
- 43** Mga Waiver ng Code ng Asal sa Negosyo
- 43** Mga Interpretasyon

ADDENDUM

- 46** AT&T Access Codes and ON Semiconductor Ethics Helpline Numbers ayon sa Bansa

MGA PANGUNAHING PINAHAHALAGAHAN

Integridad • Respeto • Inisyatibo

Isa tayong kumpanyang mataas ang pagganap at may dedikasyon sa kumikitang paglago, world class ang resulta ng trabaho at may pamantayang kalidad at naghahatid ng mahusay na kahalagahan sa kostumer at shareholder.

Dapat nating maging gawi ang lahat ng mga pinahahalagahang ito upang maging magandang lugar sa pagtatrabaho ang ON Semiconductor.



PANIMULA

PANIMULA

Ang panahon ay magbabago. Magbabago rin ang ating mga produkto. Magbabago rin ang mga tao natin. Magbabago rin ang mga kostumer natin. Hindi magbabago ang ating dedikasyon sa mga pangunahing pinahahalagahan natin.

Mga Pangunahing Pinahahalagahan

Ang ating mga pangunahing pinahahalagahan ang nagpapakilala sa atin bilang indibidwal at kinatawan ng ON Semiconductor. Isa tayong kumpanyang mataas ang pagganap at may dedikasyon sa kumikitang paglago, world class ang resulta ng trabaho at may pamantayang kalidad at naghahatid ng mahusay na kahalagahan sa kostumer at shareholder. Sa ating mga pagkilos na may integridad, respeto at inisyatibo, na ating mga pangunahing pinahahalagahan, nagagawa nating lahat ang ating parte na maging magandang lugar sa pagtatrabaho ang ating Kumpanya.

Integridad

Hindi lang puro salita, ginagawa natin ang dapat at tama. Ang Ating Kumpanya ay nagtalaga ng mataas na pamantayan para sa ating mga produkto at indibidwal na pag-asal. Nakabatay sa pinakamataas na pamantayan ng pag-asal na may etika ang ating reputasyon. Tayo ang may pananagutan para sa paghahatid ng ating mga ipinangako sa takdang oras at pinakamataas na kalidad. Tinutugunan natin ang mga usapin ng walang kininilingan, gamit ang mga katotohanan at pagbibigay ng makatutulong na feedback sa isang lugar kung saan hindi tayo natatakot sa malayang pakikipagtalakayan o pagtatanong. Kapag nakapagpasya na, sinusuportahan natin ito. Sumusunod tayo sa lahat ng mga kinakailangan ng batas at pinanghahawakan ang pinakamataas na pamantayan para sa pag-asal na may etika.

Respeto

Pinakikitunguhan natin ang bawat isa nang may dignidad at respeto. Kami ay nagbabahagi ng kaalaman at naghihikayat ng iba't ibang pananaw sa isang bukas at tapat na pagsasamahan. Inilalabas natin ang galing ng bawat isa, kinilalang ang pagkakaiba-iba ng pinagmulan at karanasan ang ating mga pangunahing lakas. Sa pagsuporta sa bawat isa lahat tayo mananalò.

Inisyatibo

Pinahahalagahan natin ang mga taong nagpapakita ng positibo, “kayang gumawa” na ugali, habang nakikipagtulungan para manalo. Masipag tayo sa pagtatrabaho, na may kabilisan, habang patuloy na pinanatili ang dedikasyon na sumunod sa mga nararapat na batas, regulasyon at pamantayan. Kung may mga suliranin, hinaharap natin ito sa pagbibigay ng mabilis na kasagutan habang patuloy ang kilos na may etika.

Ang bawat isa sa atin ay inaasahang ipakita ang mga pangunahing pinahahalagahang papel sa ON Semiconductor. Ang mga pinapahalagahang ito ay pantay para sa ating lahat—sa mga kawani at direktor.

Layunin ng Ating Kodigo sa Pag-asal sa Negosyo

Ang ating Kodigo ay gabay para tulungan tayo para sumunod sa mga pinakamataas na pamantayang etikal ng ating Kumpanya—at ng sarili natin. Binubuod nito ang marami sa ating mga batas na mararapat sa ating mga trabaho sa ON Semiconductor. Inilalarawan din nito ang mga pinahahalagahang etika na mayoon tayo. Alam natin na ang pagsunod sa batas ay isa lang sa mga bahagi ng kulturang may etika. Dapat din tayong magsagawa ng negosyo sa paraang naayon sa ating mga pangunahing pinahahalagahan.

Hindi sakop ng ating Kodigo ang bawat pangyayari na maari nating makaharap sa araw-araw na negosyo. Sa halip, binibigyang-diin ng ating Kodigo ang mga mahahalagang usapin at tinutukoy ang mga patakaran at mapagkukunan na makatutulong sa atin na maging matagumpay sa pagpapasya para sa mga sarili natin at para sa ON Semiconductor. Mayroon tayong responsibilidad na alamin at sundin ang lahat ng mga patakaran at pamamaraan ng Kumpanya, kabilang ang mga sinanggunian sa Kodigo.

Para sa pag-access sa mga patakaran at pamamaraang sinanggunian sa Kodigo na ito bisitahin ang ethics.onsemi.com.

Responsibilidad at Pananagutan

Bilang mga empleyado, opisyal, at director ng ON Semiconductor, bawat isa sa atin ay may personal na responsibilidad na basahin at sumunod sa ating Kodigo at sa batas. Inaasahan natin ang mga kostumer natin, supplier, ahente, consultant, naglilisensya, kontratista, at mga tagabigay ng serbisyo at iba pang kapareha sa negosyo ay susunod sa katulad na mga prinsipyo. Kung kaya, maaring hindi kailanman hilingin sa mga ikatlong partidong ito na sumali sa anumang aktibidad na tayo mismo ay hindi gagawin. Saanman tayo nagnenegosyo, inaasahan din sa atin na sumunod sa lahat ng mararapat na batas, alituntunin, regulasyon at pamantayan. Kung mayroong salungatan sa pagitan ng Kodigo at lokal na batas, sundin ang mas mahigpit na pamantayan o humiling ng payo bago kumilos. Kung mayroon kayong mga tanong o alalahanin tungkol sa mga pinaghihinalaang labag sa batas o pagkilos na hindi ayon sa etika, magtanong sa inyong manager, supervisor, Compliance and Ethics Liaison (“CEL”) o ang Chief Compliance and

Ethics Officer (“CCEO”). Kung may alam kayong nangyari o posibleng paglabag ng ating Kodigo o ng batas, may obligasyon kang iulat agad ito sa inyong manager, supervisor, CEL o ang CEO. Maari rin ninyong i-ulat ang alalahanin sa sinumang miyembro ng Law o Human Resources Departments. Kung mas nais ninyong i-ulat ang alalahanin ng hindi nagpapakilala ay—kung pinapayagan ng lokal na batas ay—maari kayong magpasa ng ulat gamit ang Compliance and Ethics Helpline (“Ethics Helpline”).

Karagdagan, ang ON Semiconductor ay kasapi ng Electronic Industry Citizenship Coalition (EICC). Nangangahulugan ang pagiging kasapi natin ng mayroon tayong dedikasyon sa the EICC Code of Conduct sa lahat ng ating panloob na pagpapatakbo ng negosyo, gayundin sa supply chain. Makukuha ang the EICC Code of Conduct sa <http://www.eiccoalition.org/standards/code-of-conduct/>.

Mga Karagdagang Responsibilidad ng mga Manager at Supervisors

Lahat tayo ay may obligasyon na iulat ang mga pinaghihinalaang paglabag sa ating Kodigo at batas. Gayunpaman, tayong gumaganap sa matataas na pamumuno ay may karagdagang responsibilidad na iwasan na mangyari ang mga paglabag sa ating Kodigo. Inaasahan sa mga manager at supervisor na magtrabaho ayon sa ating mga pamantayan ang pagkilos na may etika, sa pananalita at kilos. Kung isa kang manager o supervisor, may responsibilidad ka sa pagsulong ng bukas at tapat na komunikasyon.

Dapat na positibo kang modelo sa pagpapakita ng respeto at iniisip din ang kapakanan ng mga kasama sa trabaho. Ikaw rin ay dapat masipag na sinusubaybayan, nirerepaso, at pinipigilan ang mga asal na na walang etika o labag sa batas sa ON Semiconductor. Kung isa kang manager o supervisor na may kaalaman sa nasabing asal o siyang tumatanggap ng ulat sa gayong pag-asal, dapat agad mong ipagbigay-alam ito sa nararapat na CEL, ang CCEO, o ang departamento ng Human Resources.

Mga Pag-audit, Pagsisiyasat at Parusa

Sinisiyasat ng ating Kumpanya ang lahat ng mga ulat na nangyari o pinaghihinalaang maling ginawa. Kumpidensyal ang ini-ulat na impormasyon, hanggang sa saklaw na pinahihintulutan ng lokal na batas. Ang ating CCEO, sa pakikipagtulungan ng departamento

ng Corporate Internal Audit Department, ay maari ring magsagawa ng mga pag-audit para sa pagsunod sa ating Kodigo, kung kinakailangan.


Ang mga paglabag sa ating Kodigo at/o batas ay magsasanhi ng parusa, hanggang sa kabilang ang pagkatanggal sa trabaho.

1001001010 10001100011000110
11001100100010010001
00101010001100000110001001

010001001 0110100010010 1010100101001001001010 10001
0000101101011001000100010010101010 11001100100010
00010001010010 1000110001 01011000110000

010011000110001100 0
1100100010010001
10001100000110001001

001001 01101 010010 1010100 1001001001010 100011000110
11010110010 1000 0010101 1100010 1100110010 10010001



PAANO MAKAHINGI NG TULONG


PAANO MAKAHINGI NG TULONG

Paghingi ng Tulong

Ang paghingi ng tulong at pag-uulat ng mga alalahanin sa pag-uulat ay mahalagang bahagi sa pagpapanatili sa ating kultura na may etika. Ibinibigay sa atin ng ating bukas na patakaran ang kalayaan na lapitan ang anumang antas ng management para sa ating mga inaalala. Ang ating kumpanya ay tinatag din ang Ethics Helpline, na ma-access sa pamagitan ng telepono o online. Kung gagamitin ang Ethics Helpline, maari mong hilingin na manatiling hindi nagpapakilala, na pinapahintulutan ng lokal na batas. Ang lahat ng mga ulat na ginawa ng may mabuting layunin ay agad at propesyunal na diringgin, na walang panganib na gantihan.

Ang lahat ng mga ulat na ginawa ng may mabuting layunin ay agad at propesyunal na diringgin, na walang panganib na gantihan. Kung saksi sa nangyari o posibleng paglabag, mangyaring makipag-ugnayan sa sumusunod:

- Iyong CEL
- Ang CCEO
- Sinumang miyembro ng mga Departamento sa Batas o Human Resources
- Ang iyong manager o supervisor
- Ang Ethics Helpline



Pag-uulat ng Alalahanin

Matatawagan ang Ethics Helpline ng walang bayad ang toll, 24 na oras kada araw, pitong araw isang linggo. Mayroong mga tagasalin-wika para sa lahat ng wika sa mga empleyado at directors sa ON Semiconductor. Bilang kahalili, ang mga tanong at mga ulat ay maaring gawin sa Ethics Helpline online sa web address na nakalista sa ibaba. Laging tandaan na ang paggamit ng Ethics Helpline ay sasailalim sa mga lokal na batas at regulasyon. Kung hindi ninyo alam kung sino ang inyong CEL, mangyaring makipag-ugnayan sa Department sa Batas o bisitahin ang ethics.onsemi.com.

Maaring ma-access ang Ethics Helpline sa anumang bansa kung saan mayroon tayong presensya, ngunit may ilang limitasyon na mararapat ayon sa kinakailangan ng lokal na batas. Ang anumang mga pagbabago sa

pamamaraan na nangingibabaw sa paggamit at pagpapatakbo ng Ethics Helpline ay ipagbigay-alam sa lahat ng mga empleyado. Kung hindi kayo tiyak kung hawak ninyo ang pinakabagong impormasyon hinggil sa Ethics Helpline, mangyaring itanong sa CCEO, sa Law Department o sa inyong CEL para sa pinakabagong impormasyon.

Ethics Helpline:

U.S. o Canada: 1-844-935-0213

Lahat ng Iba pang Lokasyon:

Tingnan ang [Susog](#) sa Kodigo sa Pag-asal na ito para sa detalyadong pagpapaliwanag sa bawat bansa

Online: helpline.onsemi.com

CCEO direct phone: 1-602-244-5226

Không tr a

Malaya kayong makapag-uulat ng anumang pinaghihinalaang paglabag sa batas o sa Kodigo nang walang takot na magkaroon ito ng epekto sa inyong trabaho. Ang mga pagganti laban sa sinumang nagbigay ng alalahanin na may mabuting layunin ay hindi pababayaan. (Magrereklamo ka nang may “mabuting layunin” kung gagawa ka ng tapat na pagtangkang

magbigay ng tumpak na impormasyon.) Sinumang tao ang kumilos bilang pagganti laban sa iyo sa paggawa ng ulat na may mabuting layunin ay sasailalim sa pagpaparusa, hanggang sa at kabilang ang pagkatanggal sa trabaho. Gayundin, ang pag-uulat na alam ninyong hindi totoo at hindi katanggap-tanggap, at maaring isailalim ka sa parusa.





MGA SHAREHOLDER

MGA SHAREHOLDER

Sa ON Semiconductor, pinangangalagaan namin ang integridad ng ating mga pag-aari, impormasyon, at mga pinasa para sa ating mga shareholder.

Pagprotekta sa mga ari-arian ng Semiconductor

Pananagutan natin sa ating Kumpanya at mga shareholder na tiyaking ligtas ang mga pag-aari ng Kumpanyang pinagkatiwala sa atin. Dapat natin pangalagaan ang mga pag-aaring ito mula sa pagkalugi, pinsala, maling paggamit o pagnanakaw. Kabilang sa mga ito ang ating pondo, produkto at network at computer system. Dapat na gamitin lamang natin ito sa layunin ng ayon sa batas ng pakikipag-negosyo.

Maari man kayong gumawa ng bihira, hind sinasadyang personal na paggamit ng ilan sa mga mapagkukunang ito, ang gayong anumang paggamit ay dapat manatiling sa pinakamaaliit lamang at dapat sumunod sa mga patakaran ng Kumpanya. Maaring i-access at siyasatin ng ON Semiconductor ang lahat ng mga mapagkukunan ng Kumpanya na ginagamit ninyo sa inyong personal na gawain, gaya ng mga computer, server at system, telepono,

voicemail system, mesa, locker, cabinet, sasakyan at iba pang kagamitang mula sa ON Semiconductor.

Malaon pa, hindi kayo dapat magkaroon ng inaasahang personal na pagkapribado na may kinalaman sa anumang personal na paggamit. Halimbawa, anumang mensahe o talang nilikha o pinadala sa system ng ON Semiconductor—kabilang ang mga dokumentong electronic, e-mail, voicemail and instant messages—hindi alintana kung mayroon ka mang mga pansariling password o system sa pag-file. Para sa mga dahilang may kaugnayan sa kaligtasan, pangangasiwa, at seguridad at iba pang alalahanin, maaring siyasatin ng ON Semiconductor ang mga tao at pag-aari sa lugar ng Kumpanya anumang oras at ng walang abiso, sa ilalim ng mga mararapat na lokal na batas.

T: Nagtatrabaho ako sa kaparehong team sa pabrika ng ON Semiconductor ng ilang taon na, magkakalapit na kami ng aking mga katrabaho. Ngunit, may hinala akong isang katrabaho ko ang nagnanakaw ng mga mamahaling metal mula sa ating Kumpanya. Noong una, napansin kong may nilalagay siyang ilang bagay sa kanyang bulsa mula sa cabinet na lagayan ng supply. Hindi ako nagsalita noong panahong iyon, tingin ko wala naman iyong kwenta. Ngayon napapansin kong hindi na tama ang bilang ng mga produkto. Hindi ko masigurado na siya ang nagnanakaw ng mga ito, ngunit pakiramdam kong baka siya nga. Dapat ko bang i-ulat ang aking hinala, kahit hindi ako sigurado?

S: Oo Kung totoo, nilalabag nito ang Kodigo at ang batas. Kahit hindi ang katrabaho mo ang responsible sa nawawalang mga materyal, mahalagang i-ulat ang kanyang asal sa inyong manager, supervisor, o CEL. Sa ganoong paraan, matutulungan ang iyong katrabaho, kung kailangan, at mapigilan ng ating Kumpanya na mas tumaas ang pagkalugi. Tandaan na hind kayo gagantihan para sa pag-ulat ng mga alalahanin na may mabuting alalahanin.

Kumpidensyal at Impormasyong Pag-aari ng Kumpanya

Lahat tayo ay may tungkuling bantayan ang kumpidensyal at impormasyong pag-aari ng Kumpanya. Dapat nating markahan ang gayong impormasyon, itabi at limitahan ang pag-access para sa mga taong may pangangailangan sa negosyo na malaman ito. Nalalapat ito sa mga ikatlong partido, gayundin ang mga kasamang empleyado sa ON Semiconductor. Karagdagan, dapat nating ingatan ang pagtatalakay ng gayong impormasyon sa mga pampublikong lugar kung saan may ibang makarinig. Kabilang sa mga kumpidensyal at pag-aari ng kumpanya na impormasyon:

- Mga disenyo, proseso, technique, compilation o formula ng produkto o software.
- Mga kontrata at/o impormasyon sa pagpresyo ng Costumer.
- Mga panukala sa negosyo at/o mga sagot sa mga hiling sa panukala ng negosyo.
- Impormasyon at data sa budget ng kompanya.
- Hindi pampublikong pang-pinansyal na data, analyses o mga ulat.
- Mga engineering lo book, notebook, development folder, guhit, tbp., na kaugnay sa technical data mula sa mga bagong produkto o proseso.
- Mga plano sa merkado, roadmap ng produkto, o pagtatasa ng panganib.
- Mga press release (bagoang opisyal na pagpapahayag).
- Mga personnel file, impormasyon sa personal na empleyado (data ng sahod, pribado o pampamilyang tala, atbp.) at mga talang medikal.
- Pang-matagalang mga plano sa negosyo at mga istratohiyang mga plano sa negosyo.
- Mga password sa computer.

Kung mayroon kang pangangailangan sa negosyo na isiwalat ang kumpidensyal at pag-aari ng kumpanya na impormasyon sa ikatlong partido, dapat na lumagda ang ikatlong partidong iyon ng kasunduan sa hindi pagsiwalat bago tanggapin itong impormasyon. May tungkulin tayong pangalagaan ang gayong impormasyon sa lahat ng oras. Katunayan, nagpapatuloy ang ating tungkulin kahit nagtapos na ang trabaho sa kumpanya.

Gaya ng inaasahan natin sa iba na respetuhin ang ating mga karapatan sa intellectual property, dapat nating irespeto ang karapatan ng iba. Nangangahulugan ito ng pagsunod sa paglilisensya at iba pang katulad na kasunduan, gayundin ang pagrespeto sa karapatan ng iba para sa kanilang kumpidensyal na impormasyon, sikreto sa pagnegosyo o intellectual property. Kung hindi tiyak kung may karapatan kang gamitin o kopyahin ang anumang software o iba pang may copyright na materyal para sa trabaho mo (kasama ang open source software), mangyaring makipag-ugnayan sa Law Department.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring sumangguni sa ([*Pag-uuri, Pagmamarka at Pangangalaga sa Pag-aari o Patakarang sa Kumpidensyal na Impormasyon*](#)). Mangyaring tanungin ang inyong manager o supervisor kung hindi kayo tiyak kung saan mahahanap ang mga patakarang ito. Tingnan din ang “[*Crossing National Borders*](#)” (Pagtawid sa mga Pambansang Nasasakupan) na seksyon ng Kodigo na ito hinggil sa karagdagang mga paghihigpit sa pagsisiwalat.

T: Sa papel ko sa ON Semiconductor, tumulong ako sa paglinang at pagpatupad ng mga bagong proseso sa engineering na nagpabuti sa kung paano kami magnegosyo. Ipinagamalaki ko ang aking mga nai-ambag sa larangang ito, at nais na irekumenda ang mga prosesong ito bilang consultant sa ibang kumpanya. Maari ko bang gawin ito?

S: A. Hindi. Tinuturing ang engineering at iba pang mga proseso na kumpidensyal na pag-aaring impormasyon ng Kumpanya, at hindi dapat ibahagi sa labas ng ON Semiconductor. Ang pagsiwalat ng impormasyong ito sa mga ikatlong partido ay maaring makasira sa ating reputasyon at pagiging kompetitibo. Kung may mga tanong kayo kung ano ang maaring isaalang-alang na na kumpidensyal na pag-aaring impormasyon, kumonsulta sa inyong CEL, CCEO o ang Law Department bago ibahagi. Karagdagan, kung ikonokonsidera mo ang pagtatrabaho sa labas, tingnan ang “[*Conflicts of Interest*](#)” na bahagi ng kodigong ito para sa iba pang impormasyon.

Pagkapribado

Pinagsisikapan namin na pangalagaan ang personal na impormasyon ng mga empleyado namin, kostumer at iba pang tao nang may angkop na pag-iingat. Para sa atin na may access sa personal na impormasyon ay dapat ingatan ito mula sa hindi angkop o hindi pinahihintulutang paggamit o pagsiwalat at sundin ang lahat ng nalalapat na mga patakaran ng Kumpanya at mga dapat sundin sa seguridad para sa paghawak sa impormasyong ito, gayundin ang batas sa pagkapribado at proteksyon ng data na nalalapat sa inyong trabaho.

Gaya ng dapat nating pangalagaan ang personal na impormasyon, may responsibilidad din tayong pangalagaan ang data at kumpidensyal na impormasyon ng ikatlong partido. Hindi natin kailanman dapat gamitin ang o isiwalat ang kumpidensyal na impormasyon ng ikatlong partido maliban kung hawak natin ang kanilang ipinahayag na pahintulot. Dapat ninyong kunsultahin ang Law Department o Human Resources bago magpadala ng gayong impormasyon sa labas ng Kumpanya.

Para sa karagdagang impormasyon, manyaring sumangguni sa ating [Patakaran sa Pagkapribado](#).

Social Media at Paggamit ng Internet

Kinikilala ng Kumpanya na gumagamit at aktibo na mag social at online na komunidad. Dapat nating harapin ang online world sa parehong paraan na ginagawa natin sa pisikal na mundo – sa paggamit ng mabuting pagpapasya at sentido kumon – at sa pagsunod sa mga pinahahalagahan ng Kumpanya, Inisyatibo, Integridad at Respeto. Pinili man ng empleyado na lumahok sa online social network, blog, wiki, o iba pang porma ng online na paglalathala o ng pakikipagtalakayan na kanyang sariling pasya. Kinikilala ng Kumpanya na ang mga lumalabas na platform para sa online na kolaborasyon ay binabago ang paraan ng mga indibidwal at samahan sa pakikipag-komunikasyon at tinatanggap ang kahalagahan ng paglahok sa ganitong mga pag-uusap sa online. Kaya, may dedikasyon kami na matiyak na lahat lahat tayo ay nakalahok ng tama sa online media.

Bilang bahagi ng ating dedikasyon sa pangangalaga sa kumpidensyal na pag-aaring impormasyon—gaya ng impormasyon ng kostumer, produkto, sikreto sa pagnenegosyo at iba pang impormasyong hindi karaniwang malalaman ng publiko dahil sa pagiging sensitibo nito – hindi natin kailanman dapat isiwalat ang pag-aaring impormasyon sa

pamamagitan ng paggamit ng mga site na ito. Dapat din nating tiyakin na hindi natin sabihing ang ating mga personal na opinyon at gayon din ang sa ating Kumpanya o mag-post ng hindi angkop o nakasasakit na materyal o materyal na lumalabag sa mga patakaran sa Kumpanya. Mga halimbawa ng hindi katanggap-tanggap na mensahe o masasabing mukha sa o kaanib ng kumpanya ang mga:


- Nangmamaliit o mapanirang salita tungkol sa ON Semiconductor o sa mga direktor, empleyado o stakeholder nito
- Nangmamaliit o mapanirang salita tungkol sa ating mga kakumpetensya
- Mga payahag batay sa lahi, relihiyon, kulay, edad, kasarian, pisikal na kapansanan o oryentasyong sekswal
- Mga pahayag tungkol sa mga produkto at serbisyo ng ating Kumpanya na hindi tama, mapanlinlang o hindi totoo

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang ating [Social Media Policy](#) at kaugnay na mga patakaran. Kung hindi ka tiyak kung saan mahahanap ang patakarang ito, mangyaring tanungin ang inyong manager o supervisor.

T: Madalas akong sumasali sa mga social networking site, kung saan tinukoy kong empleyado ako ng ON Semiconductor. Hindi ako kailanman gumamit ng Facebook o LinkedIn habang nasa trabaho, at bihirang banggitin ang trabaho ko. Kamakailan lang, pagkatapos ng mahabang negosasyon, nakapagsara ako ng malaki at bagong kontrata sa isang kilalang samahan para sa ating Kumpanya. Nag-post ako sa Facebook na nagbunga ang paghihirap ko sa trabaho, at sa wakas naisara ko na ang deal sa samahang ito. Sinabi ko rin ang pangalan ng samahan, dahil pampubliko naman sila, at pribado ang aking Facebook account. Tama ba ito?

S: Hindi. Habang ang paggamit ng social media ay mahusay na para magkaroon ng mga oportunidad para sa ating Kumpanya, hindi dapat kailanman na ipaalam ang kumpidensyal at pag-aaring impormasyon ng Kumpanya sa mga tao na walang dahilan para malaman ito. Kahit ang setting ng account ninyo sa mga social networking site ay “pribado,” posibleng nagbabahagi ka rin ng impormasyon sa maraming tao na walang dahilan para malaman ito. Sa pagpapakilala sa iyong sarili na empleyado ng ON Semiconductor, at pagsisiwalat ng bagong deal na hindi pa naisa-publiko, inilalagay mo ang iyong sarili at ON Semiconductor sa malubhang panganib. Maaring isaalang-alang ang impormasyong ito na “panloob na imporasyon,” na lalabag sa sa mga batas sa seguridad dagdag pa sa Kumpanya [Insider Trading Policy](#) at [Disclosure Policy](#). Karagdagan, ang kontrata mismo ay maaring sumailalim sa probisyon sa pagiging-kumpidensyal na pinagbabawal ang pagsisiwalat.

Kung isiniwalat ninyo ang kumpidensyal na impormasyon sa pamagitan ng social media o sa mga networking site, tanggalin ang na-post ninyo agad at i-ulat ang pagsisiwalat sa inyong manager o supervisor, CEL o sa Law Department. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ano ang bumubuo sa panloob na impormasyon, mangyaring tingnan ang sumusunod na seksyon.



Panloob na Impormasyon at Securities Trading

Sa trabaho natin sa ON Semiconductor, maaring maharap tayo sa impormasyon tungkol sa ating Kumpanya o iba pang pampublikong kumpanyang pang-trading na isinasa-alang-alang ito na inside information. Ang “Inside Information” ay materyal, hindi pampublikong impormasyon na isinasa-alang –alang ng isang investor na mahalaga sa pagpapasya kung ano ang bibilhin, walang gagawin, magbebenta ng stock. Ilan sa mga karaniwang halimbawa ang inside information ang:

- Hindi pinahayag na acquisitions o divestitures
- Hindi pampublikong impormasyon tungkol sa ating mga resulta ng pinansyal ng Kumpanya
- Nakabinbin o nanganganib sa paglilitis
- Mga kapansin-pansing mga bagong development ng produkto
- Mga pagbabago sa senior management

Hindi tayo pinahihintulatang mag-trade ng securities o katulad na investment batay sa panloob na impormasyon. Kung gagawin ito tinatawag itong “insider trading,” at laban sa batas ng maraming bansa kung saan nakikipag-negosyo tayo. Dapat din nating iwasan ang “tipping” sa iba—o pagbibigay ng inside information sa kanila upang makapag-pasya sila sa investment batay sa panloob na impormasyon. Labag din sa batas ang tipping sa ilalim ng batas sa pag-trade.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang *Insider Trading Policy*. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa trading sa stock ng ON Semiconductor, mangyaring makipag-ugnayan sa Departamento ng Batas bago kayo magsagawa ng anumang mga transaksyon.

T: *Narinig ko ang isang executive na sinasabing ang Kumpanya namin ay nagpaplanong ibenta ang isang pangunahing linya ng negosyo. Pinapahintulutan ba akong bumili o ibenta ang stock ng Kumpanya batay sa narinig kong impormasyon?*

S: *Hindi. Hindi tayo pinahihintulatang mag-trade ng On Semiconductor securities batay sa panloob na impormasyon. Sa pangyayaring ito, ang narinig mong impormasyon ay mahalaga, hindi pampublikong impormasyon. Kung mangyari ito, dapat kang makipag-ugnayan sa Law Department bago ang anumang transaksyon na may kinalaman sa securities ng ON Semiconductor. Para sa karagdagang detalye, mangyaring sumangguni sa ating *Insider Trading Policy*.*

Katumpakan ng mga Tala ng Kumpanya

Ang mga tala ng ating Kumpanya ang bumubuo sa batayan ng ating mga pinansyal na ulat at iba pang pampublikong pagsisiwalat. Kung gayon, ang tapat at tumpak na pag-uulat ng impormasyon ay mahalaga para makapagpasya ng may pananagutan sa negosyo. Kabilang dito ang data ng negosyo, gaya ng kalidad, kaligtasan at mga personal na tala, gayundin ang mga ulat sa pinansyal. Bilang pampublikong kumpanya, mahalagang ang impormasyon na pinapasa natin sa mga tala ng Kumpanya ay kumpleto, napapanahon at nauunawaan. Ang mga hindi kumpleto o hindi napapanahong mga tala ay maaring makasira sa reputasyon ng ating Kumpanya at sasailalim sa ON Semiconductor ang mga indibwal na may kinalaman sa pananagutan sa batas.

Ang lahat ng ating mga pang-pinansyal na libro, tala at account ay dapat tumpak na maipakita ang mga transaksyon at kaganapan. Hindi tayo kailanman gumawa ng huwad o hindi tunay na mga entry. Bukod dito, dapat nating laging sundin ang kinakailangang prinsipyo sa accounting, gayundin ang mga panloob na control ng Kumpanya. Halimbawa, kapag nagbayad, gagamitin lang ito para sa layunin na inihayag sa dokumentong pang-suporta. Kung may hinala kang may hindi karaniwan sa anumang accounting o auditing o panlilinlang, dapat agad mong i-ulat ito.

Pagbibigay ng Impormasyong Pang-pinansyal

May mga pagkakataong tinatawag tayo upang magbigay ng impormasyon para sa ating mga pampublikong ulat. Inaasahan ng kumpanya natin na tayo ay gampanan ng mahusay ang responsibilidad na ito. Dapat tayong magbigay ng mabilis at tumpak na sagot sa mga tanong na may kaugnayan sa mga kinakailangan

sa pagsisiwalat. Tandaan na mahalaga ang pagkakaroon at pagbigay ng kumpleto at tumpak na impormasyon sa negosyo at impormasyon sa pagsunod sa batas.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang ating [*Disclosure Policy*](#).

Natatanging Responsibilidad

Ang Finance Department at ilang mga opisyal ng Kumpanya at director sa ON Semiconductor ay may natatanging responsibilidad na isulong ang integridad sa ating Kumpanya. Inaasahan sa kanila na tiyakin at katumpakan at pagkakumpleto ng mga ibinigay na impormasyon para sa pagsisiwalat ng ating Kumpanya. Dahil sa natatanging papel na ito, ang sumusunod na mga indibidwal ay kinakailangang alam at nauunawaan ang pagsisiwalat sa pinansyal na nalalapat sa kanilang mga trabaho:

- Bawat kasapi ng Lupon ng mga Direktor
- Ang pangunahing executive officer
- Ang pangunahing executive officer
- Ang pangunahing accounting officer o controller, o mga taong gumagawa ng katulad na trabaho
- Bawat kasapi ng Finance Department ng ON Semiconductor Corporation at bawat mga subsidiary nito

Ang mga paglabag sa mga batas sa pinansyal na pagsisiwalat ay tatanggapin na malubhang pagkakamali na maaring magresulta ng parusa, hanggang sa pagtanggap sa trabahaho. Kabilang dito ang hindi pag-ulat ng posibleng paglabag ng iba. Kung naniniwalang may nangyaring paglabag, makipag-ugnayan sa CEO o sa Law

Department. Kung mas gusto mong mag-ulat ng hindi nakikilala, kung pinahihintulutan ng batas, maari kang magpasa ng ulat sa Ethics Helpline. Tandaan, labag sa patakaran ng Kumpanya ang pagganti sa sinumang nag-ulat na may mabuting layunin hinggil sa mga paglabag.

T: *Isa sa responsibilidad ko sa ON Semiconductor ang pagpasok ng impormasyon sa order ng kostumer. Kamakailan, sinabihan ako ng aking manager na gumawa ng adjustment sa order. Isip-isip ko, sinabi niya sa aking pabilisin ang petsa ng natalang order para lumakas ang benta sa quarter na ito. Para sa akin hindi ito normal, ngunit ginagawa ko lamang kung ano ang sinabi sa akin. Hindi ko dapat tanungin ang aking manager sa ganitong sitwasyon, dapat ko ba siyang tanungin?*

S: *Oo, dapat mo siyang tanungin. Kung may bagay na hindi tama para sa iyo—kahit manager ninyo pa ang nagsasabi sa inyo na gawin ito—dapat ninyong i-ulat ang sitwasyon sa taong magiging kumportable kayo tulad ng CEL, ang CCEO, ang Law Department o sa Ethics Helpline. Sa pangyayaring ito, maaring sinasabihan ka ng iyong manager na magtala ng order ng kostumer sa maling paraan. Inilalagay sa alanganin ng kilos na ito ang integridad ng mga tala natin at maaring madala ang ON Semiconductor—gayundin ikaw at ang iyong manager—sa panganib ng pananagutan sa batas. Sa paggawa ng ulat, ginagawa mo ang tama para sa sarili, para sa ON Semiconductor at para sa mga shareholder.*

Pagtatala at Pagpapanatili ng mga Komunikasyong Pang-negosyo

May mga panahon na ang ating mga tala at komunikasyon ay maaring maisapubliko. Nangyayari ito sa pagdinig sa kaso sa hukuman, pagsisiyasat ng pamahalaan o ng media. Karagdagan sa pagtiyak na malinaw, makatotohanan at tama ang ating mga tala, dapat din tayong magpanatili ng kanilang propesyunal na presentasyon. Iwasan ang pagpapalaki ng sitwasyon o pangyayari, mabulaklak na salita, nagpapahula, mga pag- konklusyon sa pasya ayon sa batas, mga nakasisirang pahayag o pag-uuri sa mga tao at kumpanya. Ito ay nalalapat sa mga komunikasyon sa lahat ng uri, kabilang ang email at hindi pormal na sulat o memo. Dapat na laging pamahalaan ang mga tala ng alinsunod sa pagpapanatili at pamamahala ng mga patakaran.

May pagkakataong maaring makatanggap kayo ng abiso na ang mga dokumento na pinangangasiwaan ninyo ay kailangan para sa kaso o pagsisiyasat ng pamahalaan. Kung makatanggap ng ganoong abiso, hind ninyo dapat subukang ibahin, itago o sirain ang mahalagang impormasyon. Kung hindi kayo sigurado kung ano ang mga impormasyon na mahalaga, makipag-ugnayan sa Law Department. Para sa karagdagan impormasyon, mangyaring tingnan ang ating *Record Retention/Destruction Policy*. Mangyaring tanungin ang inyong manager o supervisor kung hindi kayo sigurado kung saan mahahanap ang patakarang ito.



MGA EMPLOYADO AT DIREKTOR

MGA EMPLEYADO AT DIREKTOR

Sa ON Semiconductor, nirerespeto namin ang dignidad ng bawat isa.

Patuloy na Respeto

Bilang isang kumpanyang global, pinahahalagahan natin ang pagkakaiba ng mga inibidwal mula sa buong mundo. Ang aming kumpanya ay nauunawaan na nangangailangan ng iba't-ibang mga opinyon, mga ideya, mga paniniwala at mga gawi upang maging matagumpay. Ating niyayakap ang mga pagkakaibang ito, at itinuturing ang bawat isa na may paggalang at pagiging makatarungan sa lahat ng oras. Sa bandang ito, naninindigan kaming hadlangan ang mga kasanayan na tulad ng sapilitang pagtatrabaho at human trafficking. Nagbibigay ang ON Semiconductor ng makatwirang oras ng pagtatrabaho, patas na kompensasyon at makataong pagtrato sa lahat na nagsasagawa ng trabaho sa ngalan namin. Inaasahan namin ang aming mga kostumer, supplier at ibang kasosyo sa negosyo na sumunod sa mga parehong prinsipyo. Sa paggawa nito, isinasama natin ang mga pangunahing pinahahalagahan kung saan ang ating Kumpanya ay tumatakbo.

Bilang karagdagan, hindi pinahihintulutan ng ON Semiconductor ang diskriminasyon. Nagsasagawa lamang tayo ng mga desisyong pang-employado ayon sa mga kwalipikasyon, mga talento at mga nakamit-hindi sa mga katangiang protektado ng batas. Ang gayong mga katangian kabilang ang, ngunit hindi limitado sa lahi, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, sex, kasarian, pagkakakilanlang kasarian o pagpapahiwatig ng kasarian, edad, kapansanan, estadong marital, sekswal na oryentasyon, impormasyong genetiko, military at beterinaryong estado o anumang iba pang legal na protektadong katangian. Sumusunod tayo sa mga naaangkop na mga batas, mga regulasyon, mga pamantayan at mga patakaran kung saan man tayo nagnenegosyo. Kabilang dito ang diskriminasyon, pagtatrabaho ng bata at pasahod at mga batas sa oras. Nagbibigay din tayo ng mga makatwirang mga kaluwagan kung kinakailangan para doon sa mga may kapansanan at mga paniniwala sa relihiyon at kasanayan.

Pag-iwas sa Panggigipit

Ang pagrespeto sa bawat isa bilang indibidwal ay nangangahulugan din na hindi tayo makisali sa mapanggipit na pag-uugali. Ang panggigipit ay maaaring likas na sekswal o hindi sekswal. Maaari itong maging sa salita, pisikal o biswal, at ang kahulugan nito ay maaaring mag-iba sa bawat bansa. Sa ON Semiconductor, gayunman, ang panggigipit ay anumang asal na mayroong layunin o epekto ng paglikha ng isang nakatatapot, pagalit o nakakasakit na kapaligiran. Ang mga karaniwang halimbawa ng panggigipit ay kinabibilangan ng:

- Mapanirang mga komento, paninirang puri o pagbansag
- Hindi kinagigiliwang mga sekswal na pagsugod

- Nakakakasakit o mapanirang pagpapakita o pagkilos
- Pag-atake, pang-aapi, pananakot o hindi ninanais na panghahawak

Anuman ang anyo nito, ang mapang-abuso, mapanggipit o mapanakot na asal ay hindi katanggap-tanggap sa ON Semiconductor. Kung ikaw ay hindi komportable sa asal ng isang katrabaho, ikaw ay hinihikayat na magsalita. Maaari mong iulat ang panggigipit sa iyong tagapamahala o CEL, magpasa ng ulat sa Ethics Helpline o makipag-ugnayan sa CCEO. Isaisip na ang ON Semiconductor ay hindi pahihintulutan ang anumang kilos ng paghihiganti laban sa iyo sa paggawa nito.

T: *Kamakailan, ang aking bansang pinagmulan ay naging prominente sa mga balita para sa mga politikal na pakikipabaka. Ang ilan sa aking mga katrabaho ay magalang na hiningi ang aking saloobin sa usapin, na hindi abala sa akin. Gayunpaman, isang katrabaho ang gumagawa ng mga komentong walang pakiramdam tungkol sa aking kultura at hinuhusgahan ako ayon sa kanyang narinig. Kapag hindi ako tumutugon sa kanyang mga insulto, nagsasalita siya ng mas higit pang masamang mga salita. Kapag nagbabanta akong magsumbong sa aming supervisor, sinasabi niya sa akin na ito'y katuwaan lamang at dapat akong huminahon. Nararamdaman kong hindi ako maaaring manalo. Ano ang gagawin ko sa ganitong sitwasyon?*

S: *Ang iyong katrabaho ay nanggigipit sa iyo, at inilalagay ka nito sa isang hindi maginhawang sitwasyon sa trabaho. Sinabi mo na sa iyong katrabaho na ang kanyang asal ay hindi katanggap-tanggap—ngayon ay dapat kang magsagawa ng pagkilos at sabihin sa inyong supervisor, o iba pang mapagkukunan kung saan komportable ang iyong pakiramdam. Huwag hayaan ang nakakasakit na katrabaho na pigilan ka sa pag-uulat ng kanyang pag-uugali. Ang ON Semiconductor ay hindi pinahihintulutan ang mga mapanirang mga komento o pang-aapi sa lugar ng trabaho, at magsasagawa ng naaangkop na pagkilos sa lahat ng mga kaso ng nanggigipit.*

Kaligtasan at Kalusugan

Ang ating Kumpanya ay nakatuon sa pagpapanatili ng ating lugar ng trabaho na libre mula sa panganib. Tayo ay isa-isang mananagot para sa pagpapanatili ng isang ligtas na kapaligiran sa trabaho. Ginagawa natin ito, sa bahagi, sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng mga panuntunan sa kaligtasan at kalusugan at mga kasanayan sa lugar. Kapag mga aksidente o pinsala ay mangyari, tayo ay may pananagutan na iulat sila. Ang pareho aynalalapatsa mga kagamitan, mga kasanayan o mga kondisyong naniniwala tayo ay hindi ligtas. Kung pinaghihinalaan mo ang isang potensyal na isyu ng kalusugan o kaligtasan, makipag-ugnay sa ating lokal na kinatawan ng kalusugan at kaligtasan, o ang ating CEL.

Ang isang ligtas, malusog na kapaligiran ay isa na malaya rin sa karahasan. Hindi kailanman tayo dapat kumilos na sa isang paraan ay nagbabanta o nananakot. Anumang karahasan o pagbabantang asal ay dapat na iulat agad sa

isang supervisor, lokal na seguridad o Human Resources. Kung ikaw o ating mga katrabaho ay nasa agarang panganib, makipag-ugnayan sa lokal na otoridad.

Sa wakas, ang ating Kumpanya ay nakatuon sa isang lugar ng trabaho na Malaya mula sa paggamit ng mga ilegal na droga at pag-abuso ng alkohol, na maaaring pigilan tayo sa paggawa ng ating mga trabaho nang ligtas at epektibo. Ang paggawa sa ilalim ng impluwensiya ng droga o alcohol ay lumilikha ng mga panganib para sa atin at sa ating mga kapwa katrabaho. Samakatuwid, hindi tayo maaaring magtaglay, mamahagi, o mapasailalim ng impluwensiya ng illegal na droga o hindi wastong paggamit ng iniresetang gamot habang nasa paligid ng Kumpanya, o kapag isinasagawa ang negosyo ng Kumpanya. Higit pa rito, hindi tayo dapat magkaroon ng kapansanan na gawa ng alkohol habang isinasagawa ang negosyo ng Kumpanya.

The background of the slide features a large, stylized world map in shades of green and yellow, set against a bright, hazy sky. In the foreground, the silhouettes of a man and a woman are shown shaking hands, symbolizing a business agreement or partnership. The overall scene is backlit, creating a warm, golden glow.

MGA CUSTOMER AT MGA MAMIMILI


MGA CUSTOMER AT MGA MAMIMILI

Ang ON Semiconductor ay hinimok upang matugunan at lumampas sa mga inaasahan ng aming mga customer.

Kalidad at Kaligtasan ng Produkto

Pinananatili natin ang mahalagang repustasyon ng ating Kumpanya sa pamamagitan ng paggawa ng ligtas, kalidad na mga produkto. Ginagawa naming ang gayon sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng mga proseso ng kalidad at mga kinakailangan sa kaligtasan sa lugar sa mga lokasyon kung saan tayo nagtatrabaho. Ginagawa naming ang gayon sa pamamagitan ng pagsunod

sa lahat ng mga proseso ng kalidad at mga kinakailangan sa kaligtasan sa lugar sa mga lokasyon kung saan tayo nagtatrabaho. Ating pinipinsala ang ating magandang pangalan kung tayo ay nagpadala ng mga produkto, o naghatic ng mga serbisyo na nabigong pumantay sa mataas na pamantayan ng ating Kumpanya. Kung kayo ay may anumang katanungan o pagkabahala kaugnay sa kalidad at kaligtasan ng produkto, dapat kang kumonsulta sa ating tagapamahala, supervisor o Quality Department.



Pagbebenta at Marketing

Tayo ay bumubuo ng pang-matagalang relasyon sa ating mga suki sa pamamagitan ng katapatan at integridad. Samakatuwid, ang aming marketing at advertising ay dapat palaging magng tumpak at matapat. Kami ay kailanman hindi mag-iisyu ng sadyang mapanlinlang na mga mensahe o kaligtaan ang mahahalagang katotohanan tungkol sa ating mga produkto o mga serbisyo. Bilang karagdagan, hindi tayo gumagawa ng hindi totoo o nanghahamak na pag-angkin tungkol sa ating mga

pag-aalok sa ating mga kakompetensiya.

Hinaharap natin ng patas ang ating mga customer, pati na rin ang ating mga taga-tustos at iba pang mga kasosyo sa negosyo. Kumukuha lamang tayo ng negosyo na legal at etikal. Ang mga lagay o mga kickback ay hindi kailanman katanggap-tanggap. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga regalo ng customer, lakbay at libangan, tingnan ang “[Conflicts of Interest](#)” seksyon ng Kodigo na ito.

Impormasyong Kumpidensyal ng Customer

Pinoprotektahan natin ang pribadong impormasyon ng ating mga customer at mga mamimili tulad lamang ng pagiging maingat natin sa ating mga sarili. Tanging iyon lamang may pangangailangang pang-negosyo upang malaman ang impormasyong kumpidensyal ang

dapat may access dito. Huwag kailanman lustayin o gamitin nang mali ang naturang impormasyon. Para sa higit pa sa paksang ito, tingnan ang seksyon na “[Pag-mamay-ari ng Kumpidensyal na Impormasyon](#)” ng Kodigong ito.

Mga Customer ng Pamahalaan

Kapag nakikitungo sa mga customer sa pamahalaan, mahalaga na sumusunod tayo sa mga batas, mga regulasyon at mga pamamaraan na nalalapat sa kontrata ng gawain ng pamahalaan. Ang gayong mga batas ay naglalagay ng mahigpit na limitasyon sa mga regalo, libangan o lakbay na iniaalok sa mga opisyal ng pamahalaan. Madalas din silang mailapat sa pag-hire ng kasalukuyan o kamakailang retiradong mga opisyal at kanilang mga pamilya. Maraming iba pang mga batas na mahigpit na namamahala sa kasanayang accounting at billing na inilapat sa katuparan ng mga kontrata ng pamahalaan at subcontracts. Isinasaalang-alang natin ang pag-aalaga upang

sundin ng lahat ng mga naturang batas, sa pagsunod sa lahat ng mga legal at kontraktwal na mga obligasyon na nalalapat sa atin sa buong mundo. Kapag ginagamit natin ang mga supplier o subcontractors upang matupad ang aming mga pagtuon, iniuugnay natin ang parehong mga kinakailangan sa kanila.

Kung tayo ay nakikitungo sa mga opisyal ng pamahalaan at mga kontrata, ikaw ay may pananagutan sa pag-alam at pagsunod sa mga nalalapat na mga batas at regulasyon. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring kumonsulta sa ating tagapamahala, supervisor, CEL o sa Kagawaran ng Batas.



MGA KASOSYO SA NEGOSYO

MGA KASOSYO SA NEGOSYO

Ang pagbuo ng kalidad na mga relasyon sa iba pang mga kumpanya na may katulad na pag-iisip ay nagbibigay sa ON Semiconductor ng isang mapagkumpetensyang kalamangan.

Nagsagawa lamang kami ng negosyo kasama ang mga kasosyo na nagpapahusay sa aming reputasyon at nagdadagdag ng halaga para sa ating mga shareholder. Sa katapusang ito, naghahangad tayo na gumawa ng negosyo sa mga kumpanya na kung saan ang halaga ay katulad sa ating sarili. Hindi tayo nakikipagtulungan sa mga ikatlong partido na may pagkilos na ilegal o hindi etikal na paraan. Inaasahan natin sa ating mga kasosyo sa negosyo na sumunod sa mga lokal na kapaligiran, trabaho, kaligtasan at mga kautusang laban sa katiwalian. Ang mga kasosyo sa negosyo ng ON semiconductor ay inaasahan din upang sundin ang ating Kodigo.

Mga Ahente at mga Tagapayo

Ang ating mga dealer, mga tagapamahagi, mga ahente, mga finder at mga tagapayo ay binabayaran ng makatwirang bayad at halaga ng komisyon. Nangangahulugan ito na ang halaga ng produkto ay natanggap, o ang gawain na aktwal na ginanap ay binayaran ng parehas at walang pagkiling. Hindi kami nagbabayad ng mga komisyon o mga bayarin na mayroon kaming dahilan na o magiging mga lagay.

Mga Subcontractor

Ang mga subcontractor ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pagsasakatuparan ng marami sa ating mga kontrata. Ang mga subcontractor na ating pipiliin ay dapat na panatilihin at pagtibayin an gating reputasyon sa pamamagitan ng patuloy na pagkilos sa ating Kodigo.

Pinagsamang mga Pakikipagsapalaran at mga Alyansa

Ang ON Semiconductor ay nakikipagsosyo lamang sa mga kumpanya na nakikibahagi sa ating pangako sa etika.

T: *Pinananatili ko ang mga relasyon sa ilang mga tagatustos ng ON Semiconductor. Napag-alaman ko kamakailanman na ang isa sa mga tagatustos na iyon ay nasa ilalim ng pagsisiyasat para sa hindi tamang pagtatapon ng mga mapanganib na materyales. Pagkatapos ay sinaliksik ko ang magagamt na pampublikong impormasyon at natagpuan na ang partikular na tagatustos ay nagmula sa katulad na mga kasanayan sa nakaraan. Sa tingin ko ay maaaring lubos na makapinsala ito para sa ating Kumpanya na ipagpatuloy ang kaugnayan sa negosyo. Ano ang dapat kong gawin?*

S: *Ang iyong mga alalahanin ay wasto. Lumilitaw na itong tagatustos ay may kasaysayan ng mga ilegal na pagkilos at hind etikal. Ikaw ay hinihikayat upang iulat ang iyong mga natuklasan sa mga pinuno ng ating Global na Organisasyon ng Supply Chain, ating CEL, ang Ethics Helpline o ang CCEO upang matulungan ang ON Semiconductor na siyasatin ng ganap ang bagay na ito. Ikaw ay hinihikayat upang iulat ang iyong mga natuklasan sa mga pinuno ng ating Global na Organisasyon ng Supply Chain, ating CEL, ang Ethics Helpline o ang CCEO upang matulungan ang ON Semiconductor na siyasatin ng ganap ang bagay na ito. Sa anumang kaso, ginagawa mo ang tamang bagay sa pamamagitan ng pagsulong ng iyong mga alalahanin.*

Mga Kasanayan sa Pagbili

Gumagawa tayo ng mga pagpapasya sa pagbili batay lamang sa pinakamahasag na mga interes ng ating Kumpanya. Naipapanalo ng mga tagatustos ang ating negosyo dahil sa kalidad ng kanilang mga produkto o serbisyo, presyo, paghahatid at kalidad. Isinasa-dokumento natin ang lahat ng pagbili ng mga kasunduan at katulad na mga pagtatalaga. Tayong may mga responsibilidad ay dapat na malinaw na kilalanin din ang lahat ng mga sumusunod:

- Ang mga serbisyo at mga produktong ipagkakaloob
- Ang batayan para sa pagkamit ng pagbabayad
- Ang nalalapat na rate o bayad

Isaisip lamang na gumawa tayo ng mga pagbabayad na katumbas ng mga serbisyo o produkto na ibinigay. Ang mga lagay ay hindi pinahihintulutan.

Mga Kasosyo sa Negosyo na may Impormasyong Kumpidensyal

Pinangangalagaan natin ang impormasyon ng mga kasosyo sa negosyo na sensitibo, may pribilehiyo o kumpidensyal na tulad ng ginagawa natin sa ating sarili. Ang mga impormasyong kumpidensyal ay dapat ibahagi lamang doon sa

mayroong mga lehitimong pangangailangan ng negosyo upang malaman ito. Bilang karagdagan, umaasa kami sa aming mga kasosyo sa negosyo upang protektahan ang kumpidensyal na impormasyon na ibibigay namin ang mga ito.





MGA KATUNGGALI

MGA KATUNGGALI

Nakikipagkumpitensya kami nang agresibo at may integridad.

Impormasyong Mapagtunggali

Ang ating Kumpanya ay kumikilala sa kahalagahan ng pagkuha ng impormasyon mula sa ating mga kakumpitensya. Gayunpaman, dapat lamang tayong gumamit ng mga naaayon sa batas at etikal na paraan upang lumikom ng tulad nitong mapagkumpitensyang impormasyon. Nangangahulugan ito na kami ay hindi kailanman:


- Magnanakaw ng impormasyong may pagmamay-ari
- Magkaroon ng impormasyon ng lihim na kalakalan nang walang pahintulot ng may-ari
